Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE
(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

# Modyul 13
*Pagpapahayag ng Pakay/Motibo at Palagay*
*Pagbuod ng mga Impormasyon,*
*Pagbabagong Morpoponemiko*

# *Modyul 13*
# *Pagpapahayag ng Pakay/Motibo at Palagay Pagbuod ng mga Impormasyon, Pagbabagong Morpoponemiko*



## *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Madalas kang nakakalahaok sa mga usapan ng magkakaibigan, di ba? Paminsan-minsan, may mga isyu kayong pinagtatalunan. Sa mga pagkakataong ito nagpapahayag ka ng mga palagay o opinion, o di kaya ay sinusuri mo ang pakay o motibo ng mga tao sa kanilang ipinahahayag bago ka magbigay ng iyong palagay.

Mainam na masanay ka sa mga ganitong transaksyonal na pakikipagpalitang-kuro. Nakapagpapatalas ito ng kaisipan at lumalawak ang kaalaman mo sa maraming bagay.

Ito ang pakay ng modyul na ito: ang sanayin ka sa pagtukoy sa motibo o pakay ng nagsasalita o ng mga manunulat ng iyong binabasang teksto. Gayundin, hahasain ka ng modyul sa pagbuo ng mga palagay o opinyon, kasiya-siya man o hindi. Aba, pati paglalagom ng mga ideya ay saklaw din nito. Itataas din ang iyong kamalayan sa mga pagbabagong nagaganap sa mga salitang Filipino dahilan sa paglalapi. Pagbabagong morpoponemiko ang tawag dito.

Ang modyul ay binubuo ng tatlong sub-aralin:

Ang Sub-Aralin 1 ay nauukol sa pagsasalita. Sa araling ito ay matututuhan mo ang (1) pagtukoy sa mga pangungusap na nagpapakilala ng pakay o motibo, at (2) pagkilala at pagbuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng kasiya-siyang palagay at di-kasiya-siyang palagay.

Ang Sub-Aralin 2 ay nauukol sa pagbasa at dito'y matututuhan mo ang (1) pagkilala ng salita ayon sa sitwasyong pinaggagamitan at (2) pagpili at paglagom ng mga impormasyong nakapaloob sa binasa ayon sa sariling pagpapakahulugan.

Sa Sub-Aralin 3 naman ay makikilala mo ang iba't ibang pagbabagong morpoponemiko na nagaganap sa mga salita.

Handa ka na ba, kaibigan? Sige, simulan mo na.

## *Ano ang matututunan mo?*

Nakasisiyang mabatid na interesado kang pag-aralan ang mga araling nauukol sa mga paksang binanggit sa itaas. Ngunit, hindi sapat na masabi mong interesado kang matutuhan ang mga ito. Higit na mahalagang malinang mo ang mga kasanayang nakapaloob dito.

Sa modyul na ito, inaasahan kong magagawa mo ang mga sumusunod:

1. natutukoy ang mga pangungusap na nagpapakilala ng pakay o motibo
2. nakikilala at nakabubuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng kasiya-siyang palagay at di-kasiya-siyang palagay
3. napipili at nalalagom ang mga impormasyong nakapaloob sa binasa
4. nakikilala ang iba't ibang pagbabagong morpoponemiko na naganap sa isang salita

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Gaya ng nasabi ko na, marami kang matututunan sa modyul na ito. Bukod dito, magiging madali para sa iyo ang lahat ng mga aralin at gawain kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutang papel sa pagsagot mo sa mga pagsusulit.


2. Sagutin mo muna ang Panimulang Pagsusulit. Ito ay ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mong kaalaman sa paksang ating tatalakayin.

3. Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa guro ang Susi sa Pagwawasto. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto. Huwag kang mag-alala kung mababa ang markang nakuha mo. May mga inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak kong makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito sa iyo upang maging mabuti ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang Pangwakas na Pagsusulit upang matiyak mo kung natutuhan mo ang aralin. Kunin mong muli sa guro ang Susi sa Pagwawaasto. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap ko na ikaw ay matulungang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Alamin muna natin kung kailangan mo pa ang modyul na ito. Kumuha ka ng sagutang papel at sundan mo ang pagsagot sa panimulang pagsusulit.

A. Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang titik ng pariralang bubuo sa pangungusap pagkatapos ng bawat talata.

1. Maagang nagising si Ryan. Ibig niyang sorpresahin ang kanyang ina. Matapos mailigpit ang mga gamit sa pagtulog ay inunahan na niya ang kanyang ina sa pagluluto ng almusal. Diniligan niya ang mga halaman, pinakain ang alagang aso at nilinis ang buong sala. Kailangang mapasaya ang kanyang ina sa kanyang mga ginawa. Kailangan ding makaalis siya nang maaga dahil may outing silang magkakabarkada. Wala siyang pera.

   Ang pakay o motibo ni Ryan ay ________________________________.

   A. humingi ng pera sa kanyang ina.
   B. ipagluto ng pagkain ang mga kabarkada.
   C. hiramin ang kotse ng kanyang ama.
   D. isama ang kanyang ina.

2. Pagkababang-pagkababa ng pasahero sa taksi ay agad na sinabi ni Ace sa driver ang lugar na kanyang pupuntahan. Pagkaupo ni Ace ay napansin niya ang isang maliit na bag sa bandang ibaba ng sasakyan. Isang pakete ang laman ng bag. Sa ibabaw nito ay may nakasulat na pangalan at address. Malapit sa pupuntahan niya ang address na kanyang nabasa.

   Naisip ni Ace na ____________________________________________.

   A. ibigay sa driver ang pakete.
   B. bumaba at habulin ang lalaking sakay ng taksi.
   C. ipahinto ang taksi sa malapit na police station.
   D. ihatid ang pakete sa taong nagmamay-ari ng pakete

3. Working student si Lance. Nasa iskul siya mula 7:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon. Mula 4:00 ng hapon hanggang 9:00 ng gabi ay nagtatrabaho siya bilang crew ng isang sikat na fastfood center. Madalas na nahuhuli ng kanyang profesor si Lance na natutulog sa klase kayat madalas din siyang pagsabihan nito.

Ang pakay o motibo ng profesor ay upang ______________________.

A. hiyain si Lance.
B. gawing modelo si Lance.
C. mag-drop si Lance.
D. ipauna kay Lance na mahirap pagsabayin ang pag-aaral sa pagtatrabaho.

4. Ibig mag-aral ni Prince Kelly sa kolehiyo ngunit noon pang isang buwan ay sinabihan na siya ng kanyang ama na wala siyang ipantutustos sa pag-aaral nito. Ayaw matulad ni Prince Kelly sa kanyang mga kapatid na hindi nakatapos ng pag-aaral. Sa isang dyaryo ay nabasa ni Prince Kelly ang tungkol sa Programang Study Now Pay Later Plan. Naunawaan niya ang mahahalagang impormasyon na nakasaad dito kaya kakausapin niya ang kanyang ama.

Ang pakay o motibo ni Prince Kelly sa pakikipag-usap sa ama ay upang hikayatin itong ____________________.

A. mangutang ng pera.
B. tumira sa boarding house.
C. lumuwas ng Maynila.
D. basahin ang nilalaman ng programa.

5. Dalawang taon pa lamang si John-John nang magtrabaho sa Saudi Arabia ang kanyang ama bilang isang OFW. Ngayong siya'y labimpitong taong gulang na ay nakatanggap ng balita ang kanyang ina na babalik na sa Pilipinas ang kanyang ama. Sa halip na matuwa ay parang walang anumang narinig si John-John. Hindi siya nakapagsalita.

Ang pakay o motibo ni John-John ay upang ipakita sa kanyang ina na _____________________.

A. maysakit siya.
B. may pangarap din siyang makapagtrabaho sa ibang bansa.
C. sasamahan niya ang ama sa pamamasyal.
D. hindi siya nasasabik makita ang ama.

B. Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Piliin ang titik na nagpapahayag ng kasiya-siyang palagay.

1. Gutom na gutom na si Francel. Sitenta pesos na lamang ang laman ng kanyang bulsa. Ibig niyang makabili ng pagkaing bukod sa mura na ay mabubusog pa siya. Sa unang tindahan na kanyang pinuntahan ay singkwenta pesos ang halaga ng isang kanin, dalawang ulam. Sa isang tindahan naman ay sisenta pesos ang dalawang kanin, isang ulam at softdrinks. Pinili ni Francel ang huling tindahan. Laking tuwa ni Francel. Hindi siya nagsisi sa napiling pagkain.

A. Hindi na ako mauulit pang kumain dito.
B. Lutong-bahay. Siguro kababayan ni Inay ang nagluto nito.
C. Parang kulang sa asim ang sinigang.
D. Parang minadali ang pagkakasaing.

2. Walang pasok si Algerou, araw kasi ng Ramadan. Sumama siya kay Michael na mamasyal sa Quiapo para bumili ng pirated CD. Tamang-tama, nagpapabili rin ang kanyang kapatid ng bagong CD ni Regine Velasquez. Nagtaka siya sa murang halaga ng mga CD ngunit kabilin-bilinan ng kanyang kapatid na huwag na huwag bibili ng pirated CD. Kinagabihan, nag-text si Michael kay Algerou. Nasira ang kanyang component sa bahay. Ano ang sasabihin ni Algerou?

A. Mabuti nga sa iyo. Mahilig kang bumili ng pirated CD, eh.
B. Baka talagang sira ang component ninyo.
C. Isoli mo. Gusto mo, samahan kita?
D. Sa susunod, sa iba na lang tayo bumili.

3. Nahuli sa akto ni Mr. Francisco na ninanakaw ng isang bata ang cellphone ng babaing katabi niya sa bus. Dahil may alam siya sa self-defense, inaresto niya ang bata. Iniwasan niyang daanin sa dahas ang pag-aresto. Ipinaalam niya sa bata ang kadahilan ng kanyang pag-aresto. Ano ang sasabihin ng bata?

A. Bakit mo ako hinuli. Pulis ka ba?
B. Wala akong kinukuha. Sa akin ang cellphone na ito.
C. Bakit, me karapatan ka bang mang-aresto?
D. Mabuti't hindi ninyo ako sinaktan. Patawarin n'yo na 'ko.

4. Lalabas na si Genaldo sa rehabilitation center. Tatlong taon din siyang namalagi rito. Ayaw na niyang umuwi sa kanilang bahay. Nangangamba siya na baka hindi na maging maganda ang pakikitungo sa kanya ng mga kasama niya sa bahay. Ang akala niya'y siya lamang mag-isa ang uuwi. Laking gulat niya ng malaman niyang sinusundo na siya ng kanyang magulang at mga kapatid. Ano ang sasabihin ni Genaldo?

A. Sinorpresa ninyo ako. Salamat po. Hindi ko malilimutan ang araw na ito.
B. Bakit ngayon lang kayo dumating?
C. Susunduin ninyo ako pagkatapos ibabalik n'yo uli ako rito?
D. Dito na lang ako. Ayoko nang umuwi.

5. Pinalad na maging beneficiary ang familya Mangao sa mga proyekto ng Rural Improvement Center (RIC) ng Kagawaran ng Pagsasaka pagkatapos silang dumalo sa seminar ng wastong pagbababuyan. Malaking tulong ang ipinagkaloob ng RIC. Ano ang masasabi ng familya Mangao sa benepisyong kanilang natanggap?

A. Magbababoy na tayo noon, magbababoy pa rin tayo ngayon.
B. Wala nang asenso ang buhay natin.
C. Kung iyong iba natutulungan ng gobyerno, tayo pa kaya?
D. Lalo natin pagsumikapang lumago ang ating negosyo.

C. Basahin ang talata sa bawat bilang. Isulat ang lagom nito sa sagutang papel.

1. Mahirap magutom ang tao. Kadalasan, kapag gutom ang isang tao ay natututo siyang kumain ng mga pagkaing hindi pa niya nakakain para lamang magkaroon ng laman ang kanyang sikmura.

   Sa Ongpin, China Town sa Binondo ay mabibili ang iba't ibang hayop na maaaring lutuin para iulam sa hapag-kainan. Nariyan ang ahas, cobra, pawikan, at iba pa. Kaya hindi kataka-taka kung may mabili tayong kare-kareng kriket, tortang anay, sinangag na langgam, kilawing uwang, ginataang salagubang, adobong balang, atb.

   Huwag naman sanang dumating ang panahon na dahil sa kagutuman ay kainin ng tao maging ang mga damo, halaman at bulaklak.

2. Si Henaral Francisco Soliman Makabulos ang itinuturing na pangunahing bayani ng Tarlac. Noong panahon ng Kastila ay siya lamang ang tanging nakapagpalaya sa lalawigan sa kamay ng mga mananakop.

   Isinilang si Makabulos sa La Paz, Tarlac. Bagamat elementarya lamang ang natapos ay kinilala ang kanyang katalinuhan at katapangan sa pamamagitan ng pagtatatag ng sangay ng Katipunan sa Tarlac. Bilang manunulat ay nakapaglathala si Makabulos ng mga tula sa El Heraldo de la Revolucion, ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong Pilipino. Isinama siya ni Heneral Emilio Aguinaldo nang lagdaan ang Kasunduan sa Biak na Bato.

   Namatay si Makabulos noong Abril 30, 1922 sa Tarlac, Tarlac. Pagkaraan ng ilang taon, ang kanyang mga labi ay inilipat sa kanyang monumento na nasa harap ng kapitolyo ng Tarlac.

D. Pag-aralan ang pagbabagong morpoponemikong naganap sa salita sa bawat bilang. Piliin sa kahon ang sagot. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot. Ang pantig ng salita ay nasa pantig na may salungguhit.

1. madamot → maramot
2. pangbahay → pambahay
3. buo → buung-buo
4. buhay → kabuhayan
5. taniman → tamnan

| | |
|---|---|
| asimilasyong di-ganap | metatesis |
| pagpapalit ng ponema | pagkaltas ng ponema |
| paglilipat-diin | |

Kung tapos ka na, kunin mo sa guro ang SUSI SA PAGWAWASTO.

Kumusta? Kung nasagutan mong lahat ang tanong, pwede ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung marami kang mali, pagbutihin mo ang pag-aaral sa modyul na ito.

Magsimula ka na.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

## Sub-Aralin 1

### Ano ang Pakay o Motibo? Kasiya-siya ba o Di - Kasiya-siya ang Palagay?

**Layunin**

Ang layunin ng araling ito ay ang mga sumusunod:

1. natutukoy ang mga pangungusap na nagpapakilala ng pakay o motibo
2. nakikilala at nakabubuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng kasiya-siyang palagay at di-kasiya-siyang palagay

**Alamin**

Bago mo matutuhan ang paraan ng pagsulat ng talaarawan ay kailangang magkaroon ka muna ng kaalaman ukol sa mga pangungusap na naglalahad ng pakay o motibo. Itinatanong mo kung ano ang kaugnayan nito sa pagsulat mo ng talaarawan?

May malaking kaugnayan, kaibigan. Katulad ngayon, inuna kong mabigyan ka ng mahahalagang impomasyon ukol sa mga pangungusap. May pakay o motibo ako para gawin iyon. Ibig kong masanay ka sa pagbuo ng iba't ibang pangungusap na magagamit mo sa pagsulat ng iyong talaarawan. Sa kabilang dako, alam ko ring may pakay o motibo ang pagtatanong mo. Tama ba ako?

Bukod sa aking nabanggit, makakabasa ka rin ng mga pangungusap at pahayag na nagpapakilala ng kasiya-siyang palagay at di-kasiya-siyang palagay. Mahalaga rin ang mga ito sa pagbuo mo ng mga ideya habang isinusulat mo ang iyong talaarawan.

Magugulat ka kapag nakabasa ka ng mga salitang nabago ang pagkakabaybay na naging sanhi upang mabago rin ang pagbigkas sa mga ito. Pagbabagong morpoponemik ang tawag dito. Narinig mo na ba ang salitang ito?

Narito ang tatlong larawan. Pag-isipan mo kung ano ang pakay o motibo ng taong nakalarawan. Dugtungan mo ang pangungusap sa bawat bilang. Isulat mo ang iyong sagot sa sagutang papel.



1. Ang pakay o motibo ng babae ay ___________________ ________________________.



2. Ang pakay o motibo ng salamangkero ay _________________________.



3. Ang pakay o motibo ng dalawang mag- aaral na nagtapos ay _____________.

Narito ang posibleng motibo ng mga tauhan sa bawat bilang:

1. alagaan ang aso
2. magpasaya sa pamamagitan ng majik
3. makahanap ng trabaho

**Linangin**

Mula sa mga sagot mo, mahihinuha mong ang araling pag-aaralan mo ngayon ay tungkol sa mga pangungusap na nagpapakilala ng pakay o motibo. Nagamit mo na ba ang ganitong mga pangungusap? Saang sitwasyon mo nagamit ang mga ito?

Napuna mo ba na kung minsan ay may mga ibig tayong gawin na hindi natin magawa dahil kailangan pang humingi tayo ng pahintulot sa kinauukulan? Halimbawa, kapag may hinahanp tayong lugar, itinatanong pa natin sa taong mapagtatanungan natin ang ganito, *"Maaari po bang magtanong?"* o sinisimulan natin sa pagsasabi ng *"Mawalang-galang na nga po . . ."* Ito'y pagpapatunay lamang na tayo'y likas na magagalang bagama't alam na ng ating kausap na tayo'y may pakay o motibo. At ito ay ang makapagtanong.

May mga pagkakataon ding hindi natin masabi-sabi sa ating kausap kung ano ang pakay o motibo natin kaya nais natin silang kausapin. Madalas na inililihis natin ang ating sadya sa pamamagitan ng paggamit ng maliligoy na mga pangungusap gaya ng *"Kasi ano… Ganito 'yon… Alam mo, nahihiya man akong sabihin pero…."*

Narito ang ilang sitwasyon na magpapatunay na hindi natin agad nasasabi sa ating kausap ang ating pakay o motibo.

**Sitwasyon 1 Ang Mangungutang**

Nagpunta si Mary Grace sa bahay ni Nina.

"Aba, biglang-bigla ang pagdalaw mo. Hindi ka man lang nagpasabi na darating ka. Ano'ng balita?" tanong ni Nina.

"A, eh . . . Galing ako diyan sa isa kong kaibigan. Malapit lang ang bahay mo kaya't naisipan kong dumaan," sagot ni Mary Grace.

"O, kumusta si Jeff? Kumusta ang mga bata?" tanong ni Nina.

“Mabuti naman kaya lang laging mainit ang ulo ni Jeff. Lagi kasi naming pinagtatalunan iyong kakaunti niyang sahod. Mahal pa naman ang mga bilihin ngayon. Pati nga mga bata ay madalas na hindi makapasok dahil wala akong maibigay na baon. Naglalakad na nga lang sila papunta sa eskuwelahan,” sagot ni Mary Grace. “*Kung may mahihiraman nga lamang sana ako ng pera . . .”*

Narinig mo na ba ang ganyang mga pangungusap? Ano ang iyong nadama noong marinig mo iyon? Nainis ka o natawa? Naawa ka ba sa paraang kanyang ginamit?
Ganoon din ba ang istilo mo sa panghihiram ng pera? Maligoy, ano?

**Sitwasyon 2 Ang Manliligaw**

Junior: Beth, bulaklak, o. Para sa iyo.
Beth: Salamat. Saan galing?
Junior: Binili ko sa kanto.
Beth: Binili mo para sa akin? Bakit?
Junior: Wala lang. Kasi nagagandahan lang ako sa iyo. Saka mabait ka. Sana kapaga natagpuan ko na iyong babaing magpapatibok sa puso ko, ang pipiliin ko’y iyong katulad mo.
Beth: Nanliligaw ka ba?
Junior: Hindi, ah. Wala pa sa isip ko ang bagay na iyan.

Torpe. Tama ang sinabi mo. Torpe si Jun dahil hindi pa niya masabi ang kanyang pakay o motibo. Kung ikaw si Jun, sisimulan mo rin ba sa pagpapadala ng bulaklak? Hindi ka ba agad aamin na panliligaw ang pakay mo? Kung ikaw naman si Beth, tama bang itanong mo agad kay Jun kung nanliligaw ka? Ipararamdam mo ba agad ang kanyang pakay o motibo ?

**Sitwasyon 3 Ang Bagong Politiko**

Tuwing may bagyo o baha sa kanilang lugar ay laging nagpapadala ng isang dalawang kilong bigas at tatlong lata ng sardinas si Mr. Mendoza sa Barangay Center. Ganito ang lagi niyang sinasabi habang inaabot ang kanyang tulong.

“Labis akong nalulungkot sa sinapit ninyong kapalaran. Kayat’t bago dumating ang tulong ng gobyernong lokal ay bayaan ninyong ako muna ang manguna sa pagtulong. Tanggapin ninyo ang kaunti kong nakayanan. Higit pa riyan ang pagtulong na aking gagawin sa mga susunod na taon. Asahan ninyo ang tulong ko. Umaasa rin ako na ako’y inyong tutulungan kapag ako naman ang nangailangan ng tulong. Makaaasa ba ako?”

Maganda ba ang pakay o motibo ni Mr, Mendoza?  Narinig mo na ba ang ganitong mga pahiwatig? Ano ang nadarama mo kapag nakaririnig ka ng ganito?  Naiinis ka ba?  Nagagalit?  Natutuwa?

Ano ang pakay o motibo mo at ganito ang iyong nadarama?  Ipaliwanag mo nga.

Samantala, hindi lamang mga pangungusap na nagpapakilala ng pakay o motibo ang dapat na matutuhan mo. Alam mo ba na may mga pangungusap din na nagpapahayag ng kasiya-siyang palagay at di-kasiya-siyang palagay?  Itinatanong mo kung ano ang ibig sabihin ng palagay?

Ang palagay ay kasingkahulugan ng opinyon, kuru-kuro o pananaw sa isang isyung pinag-uusapan. Hindi ba't kung minsan ay may nagtatanong sa iyo ng ganito?  *Ano sa palagay mo ang mangyayari kung . . .?  Anong palagay mo sa . . .* ?  Para higit mong matutuhan kung ano ang palagay ay pag-aralan mo ang ang mga parirala at pangungusap sa tsart na ito:

| Paksa | Palagay |
|---|---|
| Ang kaguluhang naganap sa Haciena Luisita | Sumama sa demonstrasyon ang mga di-nagtatrabaho sa Hacienda. |
| Pagtaas ng halaga ng krudo | Nakabatay sa pandaigdigang pamilihan ang pagtaas ng halaga ng krudo. |

Sa Palagay 1,  *Sumama sa demonstrasyon ang mga di-nagtatrabaho sa Hacienda kung kaya't naganap ang kaguluhan sa Lusita Hacienda.*  Katanggap-tanggap ba sa iyo ang palagay na ito? Kung OO ang sagot mo, sang-ayon kang ang mga di-nagtatrabaho sa Hacienda Luisita ang dahilan ng kaguluhang naganap sa nasabing lugar.  Kung HINDI ang sagot mo, iba ang dahilang naiisip mo sa kaguluhang naganap sa Hacienda Luisita.

Sa Palagay 2,  *Nakabatay sa pandaigdigang pamilihan ang pagtaas ng halaga ng krudo*, tinatanggap mo ba ang palagay na ito?  Kung OO, sang-ayon kang hindi dapat isisi sa pamahalaan o sa mga kumpanya ng gasolinahan ang pagtaas ng halaga ng krudo. Kung HINDI ang sagot mo, iba ang dahilang naiisip mo kung bakit patuloy ang pagtaas ng halaga ng krudo.

Maaaring ang dalawang palagay ay kasiya-siya sa iyo dahil tinatanggap mo.  Paano kung negatibo sa iyo ang mga palagay na ito?  Hindi mo matanggap dahil hindi naging kasiya-siya sa iyo, di ba?

Upang higit mong malinawan ang pagkakaiba ng kasiya-siyang palagay at di-kasiya-siyang palagay ay pag-aralan mo at paghambingin ang mga pangungusap sa tsart na ito:

| Paksa | Kasiya-siyang Palagay | Di-Kasiya-siyang Palagay |
|---|---|---|
| Pagdalo ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo sa 12th Asia Pacific Economic Cooperation Summit sa Santiago, Chile noong Nobyembre 21-22. | Nahimok ni Pangulong Arroyo ang mga imbestor na mamuhunan sa Pilipinas. | Maraming problemang pang-ekonomiya ang dapat munang tinutukan at nilutas ni Pangulong Arroyo kaya't hindi siya dapat dumalo sa summit. |
| Balak ng Department of Health na suspindihin ang senior citizens' discount sa gamot. | Kikita ang mga botika. | Paglabag ito sa R.A. 9257 na nakatutulong sa mga matatandang may-sakit at walang hanap-buhay na makabili ng gamot sa murang halaga. |
| Walang batas ang Pilipinas ukol sa terorismo. | Hindi pagtatangkaan ng mga terorista na guluhin ang katahimikan ng Pilipinas. | Nakakatakot na baka pagkatapos ng Amerika ay Pilipinas naman ang isunod pasabugin ng mga terorista.. |

Mula sa mga halimbawang ito, napaghambing mo ba ang kasiya-siyang palagay sa di-kasiya-siyang palagay?

Alin sa mga palagay na ito ang nakaapekto sa iyo? Bakit?

Upang lalo mo pang matutuhan ang aralin ay pag-aralan mo kung kailan maituturing na kasiya-siya at di-kasiya-siya ang palagay:

Kasiya-siya ang palagay kung . . .

1. sang-ayon ka sa proposisyon.
2. may mabuting magagawa sa iyo at sa bayan.
3. walang masasaktan o maaagrabyadong tao.
4. makatutulong sa pambansang kapayapaan at pagkakaisa.
5. makatutulong sa mga pagbabagong nagaganap sa bansa.

Di-kasiya-siya ang palagay kung . . .

1. hindi ka sang-ayon sa proposisyon.

2. walang mabuting magagawa sa iyo at sa bayan.

3. makakasakit o makakaagrabyado ka ng tao.

4. makapagsisimula ng kaguluhan at pagkakawatak-watak

5. walang maitutulong sa mga pagbabagong nagaganap sa bansa.

Malinaw na ba sa iyo kung paano mo gagamitin ang mga pangungusap na nagpapakilala ng kasiya-siya at di-kasiya-siyang palagay?

**Gamitin**

Subukin mong iaplay ang natutuhan mo.

A. Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang titik ng pariralang bubuo sa pangungusap pagkatapos ng bawat talata.

1. Mabagal ang pag-unlad ng mga isyung napagkasunduan ng mga lider ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) na ginanap sa Santiago, Chile lalo na para sa kapakanan ng mga bansang mahihirap na kasapi nito. Ito'y dahil ______________________.
   A. hindi naman mararamdaman ang ekonomiya.
   B. walang pakinabang ang naganap na summit.
   C. kasama ang Amerika sa summit.
   D. hindi ginanap sa Pilipinas ng summit.

2. Hindi na pupunta sa Taiwan si Lester para magtrabaho dahil sa placement's fee na NT$120,000. Ang buwanang sasahurin kasi niya'y NT$15,840 lamang. Ang pakay o motibo ni Lester ay para ipamukha sa kanyang mga kababayan ang nangyayaring _________________________.

   A. mabagal na pag-aasikaso ng placement's fee.
   B. magbabawas ngayon ng mga OFW ang Taiwan.
   C. hindi maiwi-withdraw ni Lester sa bangko ang malaking bahagi ng kanyang sahod.
   D. ang lalaki-laki ng placement's fee, ang liit-liit naman ng kanyang sahod.

3. Sa panahon ng eleksyon ay ibinoboto ng mga mamamayan ang mga kandidatong nais nilang manungkulan sa pamahalaan. Gumawa ng pamanahong papel si G. Batong Jr. Lumabas sa kanyang pag-aaral na pagkatapos ng eleksyon, nangunguna sa bilangan ang mga sikat o kilalang tao sa larangan ng pelikula, radyo at telebisyon. Ang pakay o motibo ni G. Batong Jr. ay upang ipaalala sa mga tao na ________________________.

    A. hindi marunong bumoto ang nakararaming mamamayan.
    B. hindi marunong pumili ng mga kandidato ang nakararaming mamamayan.
    C. kailangang maging artista sa radyo, telebisyon at pelikula ang mga kandidato para manalo sa eleksyon.
    D. sa pagboto, mahalaga sa pagpili ng mga kandidato ang kanilang kwalipikasyon na magampanan ang mga tungkuling pang-administratibo at hindi ang maging popular sa larangan ng pelikula, radyo at telebisyon.

4. Bilang isang magaling na *cook* sa kanilang pamilya, at dala na rin ng kanyang pamamalagi sa ibang bansa sag awing ito bilang OFW, nagsilbi si Mrs. Mendoza bilang *quality controller* ng kanilang negosyo. Pinaninindigan niya ang pagsasabing hindi niya kayang ibenta ang pagkaing hindi niya gustong kainin. Ang pakay o motibo ni Mrs. Mendoza ay para ipaalam na _____________.

    A. maselan siya sa pagkain.
    B. matapat sa tungkulin si Mrs. Mendoza.
    C. mahalaga sa kanyang ang kalusugan.
    D. ayaw niyang magkasakit.

5. Naglalakad si Mac Mac sa iskinita. Katanghaliang tapat noon. Wala siyang kamalay-malay na may bigla na lamang humablot ng kanyang *cellphon*e. Sa isang saglit lamang ay isa na siyang biktima ng *snatcher*.
   Ang pakay o motibo ni MacMac ay upang paalalahanan ang lahat na ______________

    A. iwasan ang pagdadala ng *cellphone*.
    B. iwasan ang paglalakad sa iskinita.
    C. madaling mawalan ng *cellphone*.
    D. hindi ligtas ang tao sa *snatching* maging katanghaliang tapat.

B. Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Piliin ang pangungusap na nagapapahayag ng kasiya-siyang palagay. Titik lamang ang isulat sa dahong sagutan.

1. Napatunayan sa isinagawang pananaliksik na sa 27 publikong paaralan sa Pasig City ay 8,341 mga mag-aaral ang may mabababang timbang dahil sa malnutrisyon. Dahil dito ay itinatag sa Pasig City ang programang "Tsibug Pampalusog".

A. Palulusugin nga ang mga bata, wala naman silang baon.
B. Pera na lang sana ang ibinigay sa mga mag-aaral.
C. Ayaw ng nakararaming mag-aaral na bumigat ang kanilang timbang.
D. Sa wakas, mababawasan o kung di man ay mawawala na ang malnutrsiyon sa mga paaralan.

2. Ang pagkaing gawa sa buko, gaya ng nata de coco ay inimbento ng Pilipino subalit ang patent nito ay naibenta sa Japan at ang bansang ito ang nagparehistro sa pandaigdigang distribusyon.

A. Baka muling sakupin ng Japan ang Pilipinas.
B. Gusto lang magpasikat ang mga Hapon.
C. Dapat mahiya ang gobyerno sa ginagawa ng mga Hapon sa ating bansa.
D. Kilala na ang Pinoy sa mga imbensyon.

3. Humigit-kumulang ay isang daang liham ang natatanggap ni Mariz bilang D.J. ng Radio Romance. Isang araw, isang liham ang tinanggap ni Mariz. Pararangalan siya ng Kapisanan ng mga Broadkaster sa Pilipinas (KBP).

A. Sa wakas, nagkabunga rin ang pagsisikap ni Mariz.
B. Bakit siya ang pararangalan? Bakit hindi ako?
C. Gusto lang sorpresahin ng KBP di Mariz.
D. Napakabata bata naman niya para parangalan.

4. Bagoong na isda ang isa sa mga paboritong sangkap ng mga Pilipino sa kanilang ulam. Isinasama ito ni Aling Docia sa pinakbet at dinengdeng, kilalang pagkain ng mga Ilokano.

A. Marunong nga siyang magluto, puro lutong Ilokano naman.
B. Wala kasing ibang ginagawa iyan kundi magluto.
C. Walang ibang alam lutuin iyan kundi pinakbet at dinengdeng.
D. Pampalasa sa mga lutuin ang bagoong na isda.

5. Ang proyektong Kabisig Laban sa Kahirapan ng Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (KALAHI-CIDSS) ng Department of Social Welfare and Development ay kinapapalooban ng programa sa patubig, pagpapaelektrisidad at serbisyong pangkalusugan.

A. Palabas lamang iyan ng gobyerno para masabing maka-mahirap ang mga lider ng bansa.
B. Iyan lang naman ang kayang gawin ng DSWD.
C. Panahon pa ni Magsaysay mayroon na iyan, eh. Wala na bang iba?
D. Malaking tulong iyan sa lahat ng mga mamamayan.

Narito ang tamang mga sagot:

| | |
|---|---|
| A. 1. A | B. 1. D |
| 2. D | 2. C |
| 3. D | 3. A |
| 4. B | 4. D |
| 5. D | 5. D |

Kumusta ang nakuha mo? Kung kailangan ay balik-balikan mo ang mga sa sub-aralin at nang mamaster mo ang kasanayan.

**Lagumin**

Mula sa mga araling napag-aralan mo ay natukoy mo ang mga pangungusap na nagpapakilala ng pakay o motibo, batay sa mga sitwasyong inilahad. Sa mga pangungusap na nabanggit ay nakadama ka ng iba't ibang damdamin – pagkalungkot, pagkatuwa, at panghihinayang. Nakilala, naipaghambing at nakabuo ka ng mga pangungusap na nagpapahayag ng kasiya-siyang palagay at di-kasiya-siyang palagay.

**Subukin**

A. Basahin ang mga pangungusap. Piliin ang titik na nagpapahayag ng pakay o motibo ng nagsasalaysay. Isulat ang sagot sa dahong sagutan.

1. Marami akong lupa sa Bulacan. Sampung hektarya na ang naipagbili ko. Iyong limang hektarya ng lupa ko sa Cavite ay sa susunod na linggo ko ibebenta. Nais ng nagsasalaysay na siya ay _______________.

    A. makapagyabang.
    B. makipagkaibigan.
    C. makitang naghihirap ang kanyang kausap.
    D. makilala sa lipunan.

2. Lahat ng mga clippings ukol sa kalusugan at negosyo ay tinitipon ko at maayos kong itinatago sa isang malaking envelope. Minamarkahan ko ang mga iyon para madaling mahanap kung kakailanganin ko. Ang pakay o motibo ng nagsasalaysay ay para malaman ng kanyang kausap na siya'y ____________________.

    A. malinis.
    B. maasikaso.
    C. maraming trabaho.
    D. organisado.

3. Inirekomenda ni Sen. Manuel Villar Jr. sa mga miyembro ng dalawang kapulungan ng Konggreso na ayaw magsoli ng kanilang pondo na magtanim na lamang ng mga puno. Ang pakay o motibo ni Sen. Villar Jr. ay upang __________________.

   A. makabawas sa pagkakalbo ng kagubatan.
   B. maisantabi ang mga gawain sa dalawang kapulungan.
   C. maiwasan ang illegal logging.
   D. magamit sa pangangampanya sa susunod na eleksyon.

4. Hindi pabor si Sen. Aquilino Pimentel Jr. sa panukalang isama sa death penalty ang illegal logging. Ang pakay o motibo ni Sen. Pimentel Jr. ay upang ang mga pinagdududahang illegal loggers ay __________________.

   A. mai-freeze na lamang ang kanilang bank deposits at ari-arian.
   B. patawan ng higit na mabigat na parusa.
   C. mapangalanan.
   D. magsisi at humingi ng kapatawaran sa mga naging biktima ng pagbaha.

5. Sa bagong pormula ng MMDA, gagawing 7am-4pm ang pasok ng mga empleyado ng gobyerno at 9am-6pm naman sa mga manggagawa sa pribadong sektor. Ang pakay o motibo ni MMDA Chairman Bayani ay upang _______________.

   A. makapagtipid ang gobyerno.
   B. maiklasipika ang mga nagtatrabaho sa gobyerno at sa pribadong sektor.
   C. maraming bumili ng mga sasakyan.
   D. malunasan ang problema sa trapiko.

B. Basahin ang sitwasyon. Piliin ang <u>titik</u> na nagpapahayag ng kasiya-siyang damdamin.

1. Ngayong Lunes, Nobyembre 29 ay idineklarang non-working holiday ng Malacanang. Ang paliwanag ng palasyo, ang Nobyembre 30 na Araw ni Bonifacio at Pambansang Araw ng mga Bayani na siyang tunay na pista opisyal ay natapat ng Martes. Ipit ang Lunes sa Linggo na walang pasok.

   A. Sayang, wala akong sahod sa araw na walang pasok.
   B. Magulo ang magkasabay na selebrasyon ng Araw ni Bonifacio at Pambansang Araw ng mga Bayani.
   C. Mabuti at kinikilala ng Pilipinas ang kabayanihan ni Bonifacio at ng mga bayani ng ating bansa.
   D. Wala na tayong magagawa kung may pagbabagong ginawa ang Malacanang.

2. Nagbigay-pugay si Senador Richard Gordon sa libu-libong volunteers ng Olongapo City na nagsakripisyo upang maipreserba ang mga pasilidad ng Subic Bay matapos abandonahin ng mga Amerikano ang mga ito bilang naval base.

   A. Kung bakit kasi umalis pa ang mga Amerikano. Nawalan tuloy ng hanap-buhay ang maraming mamamayan ng Olongapo City.
   B. Pagod, gutom at puyat ang dinaranas naming mga volunteer.
   C. Papuri lamang ang kapalit sa mga ginagawa naming pagvo-volunteer.
   D. Ang kusang pagtulong namin ay hindi nangangailangan ng kapalit.

3. Sa unang siyam na buwan ng taong kasalukuyan ay umangat ng 9% ang ani ng mangga kung saan umabot sa P14,97 bilyon ang kinita ng bansa sa mangga mula sa P14.5 bilyon noong nakaraang taon. Ang mga nangungunang rehiyon sa produksyon ng mangga ay ang Ilocos Region, Gitnang Luzon at Calabarzon.

   A. Bakit hindi nakasama ang aming rehiyon?
   B. Sa susunod, huwag lang ang produksyon ng mangga ang bigyan nila ng papuri. Mataas din ang ani ng saging, dalandan at kopra.
   C. Sa isang taon, hihina na ang produksyon ng mangga.
   D. Mabuti naman at dahil sa pag-angat ng ani ng mangga ay naragdagan ang kaban ng bayan.

4. Iba-iba ang naging reaksyon ng mga mamamayan hinggil sa iminungkahi ng isang kongresista na gawing legal ang pagtatanim ng marijuana bilang legal na alternatibong gamot sa sakit na kanser.Sang-ayon ako rito.

   A. Laban ako sa anumang illegal na droga sa bansa kabilang ang legalisasyon ng marijuana.
   B. Lalong tataas ang bilang ng mga magugumon sa ipinagbabawal na gamot.
   C. Maapruba sana ito sa lalong madaling panahon.
   D. Hindi makakakuha ng maraming boto sa Kongreso ang panukala.

5. Bahagyang nagkaroon ng magandang kinahinatnan ang transport strike kahapon sa panig ng mga tsuper at operators bagama't perwisyo naman ang idinulot nito sa mga commuters.

   A. Hindi lahat ng mga tsuper ay sang-ayon sa strike.
   B. Hindi makatarungan ang laging pagtataas ng halaga ng krudo.
   C. Sampu sa mga nagwelgang driver ang dinakip ng mga pulis dahil sa pananakot sa ilang kasamahang driver.
   D. Mabibigyan ng diskuwento sa diesel ang mga driver.

Iwasto mo ang iyong mga sagot.

| | |
|---|---|
| A. 1. A | B. 1. C |
| 2. D | 2. D |
| 3. A | 3. D |
| 4. A | 4. C |
| 5. D | 5. D |

Tama ba lahat ang iyong mga sagot? Kung ***hindi*** ang sagot mo, ang sagot mo, gawin mo ang susunod na gawain.

**Paunlarin**

A. Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang <u>titik</u> ng pariralang bubuo sa pangungusap pagkatapos ng bawat talata.

1. Ako'y taga-Aklan. Ipinababatid ko sa lahat na bukod sa mga yamang-kalikasan ay mayaman din ang aming lalawigan sa kasaysayan at kultura. Ang pakay o motibo ng nagsasalaysay ay ___________.

    A. makapagyabang.
    B. makipagkaibigan.
    C. maipahayag ang kasiyahan.
    D. iwanan ang Aklan.

2. Ako'y may kapansanan. Ako'y isa sa labintatlong residente ng Makati na may kapansanan na tinanggap ng kumpanya ng Bench bilang costumer sale assistant. Ang pakay o motibo ng nagsasalaysay ay upang ipabatid sa lahat na ang kumpanya ng Bench ay ___________.

    A. maraming sangay.
    B. mapili sa mga empleyado.
    C. matulungin sa mga residente ng Makati.
    D. tumatanggap ng mga empleyadong may kapansanan.

3. Ang pagpapalabas ng mga malalaswang larawang nakasulat o nakikita ay maaaring pangganyak sa kabataan upang gumawa ng krimen tulad ng *rape*. Sanay maiwasan ng print media ang pagpapalathala ng mga malalaswang larawan. Ang pakay o motibo ng nagsasalaysay ay ___________.

    A. magsulat ng mga balita tungkol sa *rape*.
    B. isisi sa print media ang paglaganap ng krimen.
    C. purihin ang print media.
    D. ibilang ang print media na salik sa paggawa ng krimen.

B. Basahin ang sitwasyon. Piliin ang titik na nagpapahayag ng kasiya-siyang damdamin.

1. Ang EcoZone ay tumutulong sa mga manggagawa upang sila'y madaling makahanap ng trabaho.
   - A. Salamat at malulunasan na ang bilang ng mga Pilipinong walang trabaho.
   - B. Kailangan pa bang magtrabaho sa ibang bansa?
   - C. Wala naming natapos ang mga nag-aaplay ng trabaho, eh.
   - D. Kailangang mag-isip tayo kung saan tayo magtatrabaho.

2. Ang buhay ni Rizal ay delikado at masalimuot ngunit kakikitaan ng katapangan at kabayanihan.
   - A. Idolo ko si Rizal.
   - B. Sino ang pumapangalawa kay Rizal bilang pambansang bayani?
   - C. Sino ang higit na matapang, si Rizal o si Bonifacio?
   - D. Ang Noli Me Tangere ay nobela ng pag-ibig at pakikipagsapalaran.

3. Kapag napag-uusapan ang teknolohiya, ang unang pumapasok sa isipan ng mga tao ay ang computer. Ito ang gamit sa pagpapadala ng mga mensahe, komentaryo, tanong o dokumento.
   - A. May negatibong dulot ang teknolohiya.
   - B. Ang computer ay para lamang sa mga matatalino at mayayaman.
   - C. Magastos ang magkaroon ng computer.
   - D. Salamat sa computer at napagaan ang mga trabaho ko.

Iwasto mo ang iyong mga sagot:

| A. | | B. | |
|---|---|---|---|
| 1. | C | 1. | A |
| 2. | D | 2. | A |
| 3. | D | 3. | C. |

Tama ba ang mga sagot mo? Kung OO, binabati kita.

Ipagpatuloy mo ang pag-aaral sa susunod na sub- aralin

## Sub-Aralin 2

## Paglalagom ng Impormasyon

### Layunin

Sa pag-aaral mo ng pangalawang aralin ay nakatitiyak akong matutugunan mo ang sumusunod na layunin:

1. nakapipili at nakalalagom ng mga impormasyong nakapaloob sa binasa ayon sa sariling pagpapakahulugan

**Alamin**

Bago ka magkaroon ng impormasyon ukol sa bagong aralin ay pag-aralan mo ang mga salitang nakakahon.

| | | |
|---|---|---|
| ulat | pamanahong papel | book review |
| rebyu ng pelikula | lektyur | eksperimento |

Sa anong salita mo maiuugnay ang mga salitang nakakahon? Nahihirapan ka bang sagutin? Sige, hihintayin kitang makapag-isip.

Balikan mong basahin ang mga salitang nabanggit. Hindi ba't ang mga salita ay isang gawaing pasulat na ginagawa ng higit pa sa isang oras? Kung gayon, mahabang oras din ang kailangan mo para mabasa mo ang mga ito. Pagkatapos mong mabasa, ano ang pinakahuling gawain na magagawa mo para sa mga ito?

Tama, lalagumin o bubuurin mo batay sa mga impormasyong nabasa mo.

**Linangin**

Mahalagang matutuhan mo ang wastong paglalagom o pagbubuod ng impormasyong nabasa mo. Ngunit bago mo ito matutuhan, pag-aralan mo muna ang ilang mahahalagang impormasyon ukol sa paglalagom o pagbubuod:

Ang paglalagom na kasingkahulugan ng pagbubuod ay isang gawaing pasulat na pinaikling bersyon ng anumang nabasang akda o napanood na pelikula o dula. Ang mga lagom o buod ay maaaring nilikha mula sa mga aklat, artikulo, pulong at mga ulat. Sa pagsulat ng buod ay laging kasama ang paksa at mahahalagang detalye.

Ibig mong malaman kung anu-ano ang mga katangian ng isang lagom o buod?
Basahin mo ang halimbawa:

**Mga Bagong Panukala . . .  Maipatupad Kaya?**

***Dalawang bagong panukala ang inihain sa Kongreso. Ang legalisasyon ng jueteng at legalisasyon ng paggamit ng marijuana.***

Ang dahilan sa jueteng ay para mawala ang katiwalaan sa gobyerno samantalang idinadahilan sa paggamit ng marijuana na gamot ito sa kanser at iba pang sakit at karamdaman, bukod sa mapagkukunan ng karagdagang kita ang pamahalaan dito.

Mahihirapan ang mga kongresistang nagpanukala nito na maipasa sa Konggreso ang dalawang kontrobersyal na panukala.  Tiyak na darami ang tututol.

Napuna mo bang ang lagom o buod ay nagtataglay ng mga sumusunod na katangian?

1. Maikli.  Ang lagom o buod na maikli at hindi maligoy ay nakasisiyang basahin.
2. Malinaw ang paglalahad.  Nasa pag-uugnay-ugnay ng mga pangungusap ang ikinalilinaw ng isang lagom o buod.
3. Malaya. Taglay ng isang lagom o buod ang pangunahing idea o kaisipan kaya't  malaya ang manunulat na pumili ng paksang kanyang susulatin.
4. Matapat na kaisipan.  Ang lagom o buod ay naglalaman ng matapat na pag-unawa sa orihinal na teksto o pangyayari.

Matapos mong malaman ang mga katangian ng isang mahusay na lagom o buod ay handa ka nang matutuhan kung paano makapaglalagom ng isang binasang akda, di ba?  Sundin mo ang mga sumusunod na hakbang:

1. Basahin ang buong  teksto

**Ang mga Manunulat noong Panahon ng Amerikano**

Maraming manunulat ang nakilala hindi lamang sa istilo ng kanilang pagsulat kundi sa wikang kanilang ginamit sa pagpapahayag ng kanuilang isipan at damdamin. Lima sa maraming manunulat sa Kastila noong Panahon ng Amerikano ang itinuturing na haligi ng panitikang Filipino,  Sila'y ang mga sumusunod:

Cecilio Apostol.  Siya'y sumulat ng tulang handog sa mga bayani.  Isa sa kanyang mga isinulat ay ang  tulang pumupuri kay Jose Rizal

Fernando Ma. Guerrero. Itinipon niya ang kanyang mga tula na pinamagatan niyang *Crisalidas* na ang salin sa Filipino ay *Mga Hingad*.

Jesus Balmori. Itinuturing na pinakamahusay na makata ata mambabalagtas sa Panahon ng Amerikano.

Manuel Bernabe. Isang makatang liriko, si Manuel Bernabe ay higit na hinahangaan ng mga mambabasa dahil sa` melodiya ng kanyang mga tula.

Claro M. Recto. Kinilala ang kanyang tinipong mga tula sa aklat na *Bajo los Coconeros*.

Sa kasalukuyan, pinag-aaralan sa Panitikang Filipino ang ilan sa kanilang mga akda.

2. Itala nang maayos ang mahahalagang punto ng teksto.

> Maraming manunulat… istilo ng pagsulat… wikang ginamit … Cecilio Apostol, Fernando Ma. Guerrero, Jesus Balmori, Manuel Bernabe at Claro M. Recto . . . Panitikang Filipino.

3. Isulat sa sariling pananalita ang bawat seksyon o talata ng teksto.

> Sa Panahon ng Amerikano ay limang manunulat sa Kastila ang nakilala. Sila'y sina Cecilio Apostol, Fernando Ma. Guerrero, Jesus Balmori, Manuel Bernabe at Claro M. Recto.

4. Pagsamahin ang pangunahing idea at mga sinusuportahang detalye.
   Gumamit ng pang-abay.

> Limang manunulat sa Kastila noong Panahon ng Amerikano ang nakilala: Ceclio Apostol, Fernando Ma. Guerrero, Jesus Balmori, Manuel Bernabe, at Claro M. Recto.

Sa pagbubuod, nawawala ba ang kaisipang nais ipahatid ng sumulat sa babasa nito? Hindi, di ba? Naroon pa rin ang ideya o kaisipang nakapaloob sa teksto.Siguro nasabi mo sa iyong sarili, *"Ay, ganoon lang pala ang pagbubuod ng isang teksto*. Madali, di ba?

**Gamitin**

Basahin ang talata sa bawat bilang. Ibuod ito sa sagutang papel. Pagkatapos mo, ipakita mo ang iyong ginawa sa iyong guro.

1. Ang Center for International Trade Exposition (CITEM) ay isang export promotion agency ng Department of Trade and Industry (DTI). Layunin nitong ipakilala ang Pilipinas sa pandaigdigang pamilihan bilang maaasahang pinagmumulan ng ng mga produktong may mataas na kalidad sa pamamagitan ng trade fair, mga espesyal na eksibit, mga misyong pangkalakalan at iba pang gawaing panmpromosyon sa loob at labas ng bansa.

   Kabilang sa mga produktong pang-export na matutulungan ng CITEM sa pamamagitan ng promosyon ay ang mga gamit sa konstruksyon, elektroniks, pagkain, mga gamit sa bahay, atb.

   Sa pamamagitan ng mga programa ng CITEM, patuloy na nakikilala sa pandaigdigang pamilihan ang mga produktong sariling atin. Malaking tulong para sa mga negosyanteng Pinoy at sa ekonomiya ng bansa.

2. Kayang-kaya ng mga kumpanya ng langis ang P2.00 diskwento sa diesel na hinihingi ng mga driver kung gugustuhin ng mga negosyante at susuportahan ng gobyerno.

   Hindi masisisi ang grupo ng mga nag-aalsang driver kung mauulit muli ang kaguluhang naganap kamakailan kung hindi ipatutupad ang pangako ng mga negosyante.

Ito ang tamang paglalagom sa binasa mong teksto. Tingnan mo kung malapit dito ang ginawa mo. Kung napakalayo, ipakita mo sa iyong guro at sasabihin niya sa iyo ang dapat.

1. Ang Center for International Trade Exposition (CITEM) ng Department of Trade and Industry (DTI) ay gumagawa ng mga produktong pang-export gaya ng mga gamit sa konstruksyon, elektroniks, mga gamit sa bahay, atb. kaya't nakikilala ang Pilipinas sa pandaigdigang pamilihan.

2. Kayang-kaya ng mga kumpanya ng langis ang P2.00 diskwento sa diesel na hinihingi ng mga driver kung gugustuhin ng mga negosyante at susuportahan ng gobyerno para hindi na maulit ang kaguluhan.

Tama ba ang paglalagom na sinulat mo? Kuung OO ang sagot mo, magaling!

**Lagumin**

Natatandaan mo pa ang mga kaalamang natutuhan mo sa araling ito? Lagumin natin. Sa araling ito ay natutuhan mong ang pagbubuod ay isang gawaing pasulat na ginagawa upang mapaikli ang isang binasang teksto nang hindi nawawala ang kaisipang nais nitong ipahatid sa mga mambabasa. Sa pagbubuod ng alinmang teksto ay mahalagang mabasa mo muna ang buong teksto. Kailangang maitala mo nang maayos ang mahahalagang punto ng teksto. Kailangan ding maisulat mo ang mga kaisipang ito sa sarili mong pangungusap. Bukod dito, mahalagang mapagsama-sama mo ang mga pangunahing idea at mga sumusuportang idea na gamit ang mga pangatnig.

**Subukin**

A. Lagumin ang teksto sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang Pilipinas ay nahaharap sa napakaraming problema tulad ng kahirapan, terorismo, destabilisasyon, katiwalian, droga at krisis sa ekonomiya. Ito'y patunay lamang na hindi nagagampanan ng gobyerno ang gawain nito gayundin ang pagkakaroon ng mahinang republika. Sinang-ayunan ito ni Esmino (2003) sa kanyang pahayag na:

2. . . . Ang maraming bilang ng malalaking nakawan na nagaganap maghapon ay pagdagsa ng mga kontrobersyal na kaso kidnapping at ang nakamamatay na pagsulong ng karahasan sa lahat ng dako ng bansa ay tanda ng pagkakaroon ng magulong republika.

3. Maraming dahilan kung bakit nagaganap ang mga ganitong kaguluhan sa bansa. Una, ang pagtanggal sa karapatan ng mga mamamayan. Pangalawa, ang kawalan ng moral ascedency ng mga ofisyal ng pamahalaan at simbahan na nagiging dahilan ng pagkawala ng kredibilidad ng mga institusyong kinabibilangan nila. Pangatlo, ang mahinang liderato ng mga namumuno sa bansa. Pang-apat, ang krisis sa ekonomiya, kasama rito ang patuloy na pagbagsak ng piso, at ang di-nababayarang utang ng pamahalaan sa ibang bansa na umaaabot na sa P3.4 bilyon.

4. Totoong hindi madali ang pagkakaroon ng isang matatag na Republika ngunit kung lahat ng mamamayan ay iisipin ang kapakanan ng ating bayan, ang Pilipinas ay muling makakabangon sa kahirapan. Disiplina, pagmamahal sa bayan, determinasyon, sipag at tiyaga. Ang mga ito ang magandang puhunan para sa isang matatag na Republika.

Malapit ba dito ang paglalagom mo sqa mga tekstong iyong binasa?:

1. Ang Pilipinas ay nahaharap sa napakaraming problema kaya't patunay lamang na hindi nagagampanan ng gobyerno ang gawain nito kayat mahina ang Republika.

2. Tanda ng pagkakaroon ng magulong Republika ang nakawan, kidnapping at karahasan.

3. Nagaganap ang mga kaguluhan dahil sa pagtanggal ng karapatan, kawalan ng moral ascedency, mahinang liderato, krisis sa ekonomiya at ang di-nababayarang utang ng pamahalaan.

**Paunlarin**

Gawin mo ang sumusunod kung kailangan mo pa.

A. Basahin ang teksto. Isulat sa sagutang papel ang lagom o buod nito.

**Wikang Filipino: Wika ng Paglaya at Pagkakaisa**

Hayaan ninyong pasalamatan ko ang kaganapan ng aking pananalig na manatiling malaya at payapa ang ating bayang kaytagal ding naghirap sa kamay ng mga mananakop na dayuhan.

Sa panahon ng pananakop, ang wikang Filipino ay naging mabisang kasangkapan sa pakikipaglaban, maging sa mga mayayamang bansa na nais sakupin maging ang ating kabuhayang pinamuhunanan ng pawis, dugo at luha.

Wika ang tanging daan sa pag-alis ng diwang kolonyal. Kung ang wikang Filipino ay gagamitin nang naaayon sa ating kagustuhan, paniniwala at mithiin magiging madali ang pag-uugnayan natin sa isa't isa tungo sa isang napapanahong pagbabalak at pagpapasya. Dahil sa wika'y kikilos ang lahat para sa pambansang kalayaan at pagkakaisa.

Bilang pangwakas, masasabi kong ang wika ay matibay na pananggalang laban sa mga mananakop na nais alisin ang kalayaan at pagkakaisang natatamo natin sa ating bayan.

Ito ang buod ng tekstong nabasa mo:

**Wikang Filipino sa Pambansang Paglaya at Pagkakaisa**

Hayaang ninyong pasalamatan ko ang pananatiling malaya at payapa ng ating bayan.

Sa panahon ng pananakop, ang wikang Filipino ay naging mabisang kasangkapan sa pakikipaglaban.

Wikang Filipino ang tanging daan sa pag-alis ng diwang kolonyal. Sa paggamit nito ay magiging madali ang pag-uugnayan ng mga tao.

Ang wika ay matibay na pananggalang laban sa mga mananakop na nais alisin ang kalayaan at pagkakaisang natatamo natin.

B. Bumasa ka ng isang teksto mula sa dyaryo o magasin. Isulat sa sagutang papel ang buod ng teksto. Ipabasa sa iyong guro ang iyong ginawa.

## Sub-Aralin 4

## Pagbabagong Morpopomemiko

O kaibigan, alam ko ngayon ay handa ka na para sa huling sub-aralin. Pag-igihan mo, ha?

**Layunin**

May mga salitang nababago ang pagkakabaybay na nagiging sanhi upang mabago rin ang pagbigkas ng mga ito. Pagbabagong morpoponemiko ang tawag dito. Narinig mo na ba ang tungkol dito?

Dahil ibig kong magkaroon ka ng sapat na kaalaman sa paksang nabanggit, layunin ng araling ito na:

1. nakikilala ang mga pagbabagong morpoponemiko na nagaganap sa isang salita

2. nasusuri ang pagbabagong morpoponemikong nagaganap sa isang salita

**Alamin**

Basahin ang liham na ipinadala ni Mrs. Tapris sa kanyang anak na si Ramoj. Pansinin ang mga salitang may salungguhit.

*Camarines Sur National High School*
*Pili, Camarines Sur*
*Enero 3, 2005*

*Mahal kong Ramoj,*

*Kumusta ka, anak? Kumusta ang pag-aaral mo sa Maynila? Kung kami ng tatay mo ang tatanungin mo ay mabuti naman sa awa ng Diyos.*

*Kumusta ang bahay? Pakisabi sa Kuya Joel mo na aptan ang bubong bago dumating ang bagyo. Nakabili ba siya ng pamatay ng daga? Nabalitaan ko kasi na libu-libong daga raw ang naninira ng mga pananim dyan sa Maynila. Pinadalhan ko siya ng pera na pambili ng pampatay ng mga daga pati na rin pantukod sa mga bintana.*

*Balitaan mo naman ako ng mga nangyayari riyan*

*Nagmamahal,*
*Nanay*

Pag-aralan mo ang mga salitang may salungguhit. Wala ka bang napansin sa pagkakasulat ng mga ito?

Pag-usapan natin ang pinanggalingan ng mga salitang nabanggit.

| Salitang-ugat | Nabuong Salita |
|---|---|
| tanong | tatanungin |
| atip | aptan |
| patay | pamatay |
| libo | libu-libo |
| tanim | pananim |
| diyan | dyan |
| dala | pinadalhan |
| bili | pambili |
| patay | pampatay |
| tukod | panukod |
| balita | balitaan |
| diyan | riyan |

Anong pagbabago ang naganap sa mga salitang-ugat nang bumuo ng bagong salita? Aling mga salita ang nilapian? May pagbabago rin bang naganap dito?

**Linangin**

Bago mo matutuhan ang aralin ay nais kong mapag-aralan mo muna ang ilang kaalaman ukol sa *morpolohiya*. Ngayon mo lang ba narinig ang salitang ito?

Ang *morpolohiya* ay pag-aaral ng pagsasama-sama ng mga tunog upang makabuo ng salita. Inilalarawan sa morpolohiya ang pagkakaroon ng makabuluhang kahulugan ng isang salita sa pamamagitan ng pinagsama-samang mga tunog.

Ang *morpema* ay itinuturing na pinakamaliit na yunit ng salita na nagtataglay ng kahulugan. Ito'y mauuri sa (1) panlapi gaya ng *ma-* , *ka-*, *pang-*, *ipang-*, atb. sa *matubig, kapuso, pangkulay,* at *ipanghiram*; (2) salitang-ugat gaya ng *araw, ulap*, *sining,* atb.; at (3) ponema gaya ng a sa *konsehala*, *gobernadora*, atb.

Dahil sa impluwensya ng kaligiran ng isang *morpema* ay nagbabagu-bago ang anyo nito. Ito'y tinatawag na *pagbabagong morpoponemiko.* Ibig mong malaman ang mga uri nito?

Ituturo ko sa iyo ang limang uri ang *pagbabagong morpoponemiko* na karaniwang nangyayari sa salita kapag ito'y nilapian. Ito'y ang mga sumusunod:

1. Asimilasyon. Nagaganap ang asimilasyon kapag ang tunog ng isang morpema ay naaasimila ng isa pang morpema. May dalawang uri ang asimilasyon: ang *asimilasyong di-ganap* at ang *asimilasyong ganap.*

a. *asimilasyong di-ganap*. Ito'y nakikita sa pagbabagong nagaganap sa isang morpema sanhi ng posisyong pinal na kasunod na ang bigkas ay pailong. Halimbawa nito ay / *n* / *ng* / *pang-* / ay nagiging / *m* / ayon sa kasunod na tunog. Halimbawa:

| Panlapi | Salitang Nilapian | Asimilasyong Di-Ganap |
|---|---|---|
| *pang-* + | *palasa* = | *pampalasa* |
| *pang-* + | *baraha* = | *pambaraha* |

Napansin mo ba na kapag ang salitang nilalapian ay nagsisimula sa / *p* / at / *b* / ang *pang-* ay nagiging *pam-* ?

Suriin mo naman kung ang salitang nilalapian ay nagsisimula sa / *d, l, r, s, t* / gaya ng mga sumusunod:

| Panlapi | Salitang Nilapian | Asimilasyong Di-Ganap |
|---|---|---|
| *pang-* + | *duro* = | *panduro* |
| *pang -* + | *laba* = | *panlaba* |
| *pang-* + | *relo* = | *panrelo* |
| *pang-* + | *sayaw* = | *pansayaw* |
| *pang-* + | *takip* = | *pantakip* |

Anong pagbabago ang naganap sa *pang-* + nang ikapit sa mga salitang nagtatapos sa */ d, l, r,l s, t /* ? Magbigay ka ng iba pang salita.

b. *asimilasyong ganap*. Nagkakaroon ng asimilasyong ganap kapag ang unang ponemang inuunlapian ay naaasimilang ganap ng huling tunog ng panlapi. Ito'y makikita sa panlaping *pang-* na sinusundan ng / p / at */ b /:*

/ *p* / tulad ng / *pitas* /
/ *b* / tulad ng / *bilang* /

| Panlapi | Salitang Nilapian | Asimilasyong Di-Ganap | Asimilasyong Ganap |
|---|---|---|---|
| *pang-* + | *pitas* = | *pampitas* = | *pamitas* |
| *pang-* + | *bilang* = | *pambilang* = | *pamilang* |

Ang ilang mga salitang nagsisimula sa / s / at / t / ay nagkakaroon din ng asimilasyong ganap kung ang inuunlapi ay / *pan-* / gaya ng mga sumusunod:

*/ s / tulad ng / sabong /*
*/ t / gaya ng / tulak /*

| Panlapi | Salitang Nilapian | Asimilasyong Di-Ganap | Asimilasyong Ganap |
|---|---|---|---|
| *pang-* + | *sabong* = | *pansabong* = | *panabong* |
| *pang-* + | *tulak* = | *pantulak* = | *panulak* |

2. Pagpapalit ng ponema. Sa pagbubuo ng salita ay may pagkakataong ang ponemang inisyal ng salita na nilalapian ay nagbabago o napapalitan gaya ng mga sumusunod:

a. *d* → *r*

*ma-* + *dami* = *marami*
*ma-* + *dungis* = *marungis*

b. *h* → *n*

*tawah* + *an* = *tawanan*

c. *o* → *u*

*gusto* = *gustung-gusto*
*bugso* = *bugsu-bugso*

3. Metatesis. Ang pagpapalit ng posisyon ng letra sa loob ng isang binuong salita ay tinatawag na *metatesis*. Ang mga salitang-ugat na nagsisimula sa */ l /* o */ y /* na ginigitlapian ng */ -in- /* ay nagkakaroon ng paglilipat ng posisyon ng */ n /* at ng */ l /* o */ y /*. Halimbawa:

| Salitang-ugat | Panlapi | Salitang Nilapian | Nabuong Salita |
|---|---|---|---|
| *lingap* + | *-in-* = | *liningap* = | *nilingap* |
| *yakap* + | *- in-* = | *yinakap* = | *niyakap* |
| *talab* + | *-an-* = | *talaban* = | *tablan* |
| *tanim* + | *-an-* = | *taniman* = | *tamnan* |

Napuna mo ba na nagkapalit ng posisyon ang */ l /* at */ n /*, */ y /* at */ n /*, */l /* at */ b /*, at */ n /* at */ m / ?* Magbigay ka ng iba pang halimbawa.

4. Pagkakaltas ng ponema. Ito'y nagaganap kung ang huling ponemang patinig ng salitang-ugat na hinuhulapian ay nawawala. Pag-aralan mo ang mga halimbawang ito:

| Salitang-ugat | Panlapi | Salitang Nilapian | Nabuong Salita |
|---|---|---|---|
| *dakip* + | *-in* | *dakipin* = | *dakpin* |
| *bigay* + | *-an* | *bigayan* = | *bigyan* |
| *halik* + | *-an* | *halikan* = | *halkan* |
| *bukas* + | *-an* | *bukasan* = | *buksan* |
| *takip* + | *-an* | *takipan* = | *takpan* |

Naunawaan mo ba kung paano nakaltas ang ponema ng mga salitang nasa tsart? Magbigay ka ng ilang halimbawa.

5. Paglilipat-diin. Ang paggamit ng panlapi ay nakapagpapabago ng diin ng salita. Maaaring mailipat ang diin sa isa o dalawang pantig patungong huling pantig o isang pantig sa unahan ng salita. Ang pantig na may salungguhit ang may diin. Halimbawa:

| Panlapi | Salitang-ugat | Nabuong Salita |
|---|---|---|
| *ka . . . an* | *limot* | *kalimutan* |
| *pag . . . an* | *sabi* | *pagsabihan* |
| *ma . . . an* | *lawak* | *pagtibayin* |
| *pag . . . in* | *tibay* | *paglamayan* |

Kapag binibigkas mo ang mga salitang *limot, sabi, lawak, tibay,* at *lamay* ay nasaan ang diin? Sa unang salita, di ba? Ngunit kapag nilapian ang mga salitang ito ay nalilipat ang diin sa ikalawang pantig ng salitang-ugat. Pansinin ang diin sa mga salitang sinalungguhitan sa mga halimbawang ito:

gubat → kagubatan

tukso → tuksuhin

tagumpay → pagtagumpayan

salamat → pasalamatan

hinog → pahinugin

Matapos mong mabasa ang mga salita ay bigkasin mo naman nang malakas ang mga ito. Napansin mo ba ang pagbabagong naganap? Ikaw naman ang magbigay ng halimbawa. Magsabi ka ng salitang ugat at bigkasin. Lagyan mo ng panlapi ang salitang binanggit mo at bigkasin. May pagbabago bang naganap sa diin ng salita?

**Lagumin**

Natatandaan mo pa ang mga kaalamang natutuhan mo sa araling ito? Lagumin natin.

Sa araling ito ay natutuhan mo ang iba't ibang uri ng pagbabagong morpoponemiko gaya ng (1) asimilasyon na nagaganap kapag ang tunog ng isang morpema ay naaasimila ng isa pang morpema. May dalawang uri ang asimilasyon, ang asimilasyong di-ganap na nagaganap sa isang morpema sanhi ng posisyong pinal na kasunod ang bigkas na pailong; at ang asimilasyong ganap na nagaganap kapag ang unang ponemang inuunlapian ay naaasimilang ganap ng huling tunog ng panlapi; (2) pagpapalit ng ponema na nagaganap kapag ang ponemang inisyal ng salita na nilalapian ay nagbabago o napapalitan; (3) metatesis na nagaganap kapag nagpapalit ng posisyon ang letra sa loob ng binuong salita; (4) pagkakaltas ng ponema na nagaganap kung ang huling ponemang patinig ng salitang-ugat na hinuhulapian ay nawawala; at (5) paglilipat-diin na nagaganap kapag ang paggamit ng panlapi ay nakapagpapabago ng diin ng salita.

**Subukin**

A. Isulat sa dahong sagutan ang uri ng pagbabagong morpoponemiko na naganap sa salita sa bawat bilang. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot.

| | |
|---|---|
| asimilasyong ganap | metatesis |
| asimilasyong di-ganap | pagkaltas ng ponema |
| pagpapalit ng ponema | paglilipat-diin |

1. siliran ⟹ sidlan
2. libo libu-libo
3. takipan → takpan
4. lumbay → kalumbayan
5. pangbukas → pambukas

Narito ang tamang sagot:

1. metatesis
2. pagpapalit ng ponema
3. pagkaltas ng ponema
4. paglilipat-diin
5. asimilasyong ganap

Tama ba lahat ang sagot mo? Kung OO, magaling!

**Paunlarin**

A. Isulat sa dahong sagutan ang pagbabagong morpoponemikong naganap sa salita sa bawat bilang.

1. pangbigay → pambigay
2. damahin → damhin
3. gamot → gamutin
4. kitilin → kitlin
5. pangriles → panriles
6. lunas → lunasan
7. madami → marami
8. atipan → aptan
9. kuhanin → kunin
10. pangdukot → pandukot

Ang mga sumusunod ang tamang sagot:

1. asimilasyong di-ganap
2. pagkaltas ng ponema
3. pagpapalit ng ponema
4. pagkaltas ng ponema
5. asimilasyong di-ganap
6. paglilipat-diin
7. pagpapalit ng ponema
8. metatesis
9. pagkaltas ng ponema
10. asimilasyong di-ganap

## *Gaano ka na kahusay?*

Alamin natin ngayon kung talagang natutuhan mo ang mga aralin. Sagutan mo ang pangwakas na pagsusulit Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

A.Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang titik ng pariralang bubuo sa pangungusap pagkatapos ng bawat talata.

1. Maagang nagising si Ryan. Ibig niyang sorpresahin ang kanyang ina. Matapos mailigpit ang mga gamit sa pagtulog ay inunahan na niya ang kanyang ina sa pagluluto ng almusal. Diniligan niya ang mga halaman, pinakain ang alagang aso at nilinis ang buong sala. Kailangang mapasaya ang kanyang ina sa kanyang mga ginawa. Kailangan ding makaalis siya nang maaga dahil may outing silang magkakabarkada. Wala siyang pera.

Ang pakay o motibo ni Ryan ay ______________________________.

A. humingi ng pera sa kanyang ina.
B. ipagluto ng pagkain ang mga kabarkada.
C. hiramin ang kotse ng kanyang ama.
D. isama ang kanyang ina.

2.Pagkababang-pagkababa ng pasahero sa taksi ay agad na sinabi ni Ace sa driver ang lugar na kanyang pupuntahan. Pagkaupo ni Ace ay napansin niya ang isang maliit na bag sa bandang ibaba ng sasakyan. Isang pakete ang laman ng bag. Sa ibabaw nito ay may nakasulat na pangalan at address. Malapit sa pupuntahan niya ang addres na kanyang nabasa.

Naisip ni Ace na __________________________________________.

A. ibigay sa driver ang pakete.
B. bumaba at habulin ang lalaking sakay ng taksi.
C. ipahinto ang taksi sa malapit na police station.
D.ihatid ang pakete sa taong nagmamay-ari ng pakete

3.Working student si Lance. Nasa iskul siya mula 7:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon. Mula 4:00 ng hapon hanggang 9:00 ng gabi ay nagtatrabaho siya bilang crew ng isang sikat na fast food center. Madalas na nahuhuli ng kanyang profesor si Lance na natutulog sa klase kayat madalas din siyang pagsabihan nito.

Ang pakay o motibo ng profesor ay upang _____________________.

A. hiyain si Lance.
B. gawing modelo si Lance.
C. mag-drop si Lance.
D. ipaunawa kay Lance na mahirap pagsabayin ang pag-aaral sa pagtatrabaho.

4.Ibig mag-aral ni Prince Kelly sa kolehiyo ngunit noon pang isang buwan ay sinabihan na siya ng kanyang ama na wala siyang ipantutustos sa pag-aaral nito. Ayaw matulad ni Prince Kelly sa kanyang mga kapatid na hindi nakatapos ng pag-aaral. Sa isang pahayagan ay nabasa ni Prince Kelly ang tungkol sa Programang Study Now Pay Later Plan. Naunawaan niya ang mahahalagang inpormasyon na nakasaad dito kaya kakausapin niya ang kanyang ama.

Ang pakay o motibo ni Prince Kelly sa pakikipag-usap sa ama ay upang hikayatin itong ____________________.

A.mangutang ng pera.
B..tumira sa boarding house.
C.lumuwas ng Maynila.
D.basahin ang nilalaman ng programa.

5.Dalawang taon pa lamang si John-John nang magtrabaho sa Saudi Arabia ang kanyang ama bilang isang OFW. Ngayong siya'y labimpitong taong gulang na ay nakatanggap ng balita ang kanyang ina na babalik na sa Pilipinas ang kanyanag ama. Sa halip na matuwa ay parang walang anumang narinig si John-John. Hindi siya nakapagsalita.

Ang pakay o motibo ni John-John ay upang ipakita sa kanyang ina na ______________________.

A.maysakit siya.
B.may pangarap din siyang makapagtrabaho sa ibang bansa.
C.sasamahan niya ang ama sa pamamasyal.
D.Hindi siya nasasabik makita ang ama.

B.Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Piliin ang titik na nagpapahayag ng kasiya-siyang palagay.

1.Gutom na gutom na si Francel. Sitenta pesos na lamang ang laman ng kanyang bulsa. Ibig niyang makabili ng pagkaing bukod sa mura na ay mabubusog pa siya. Sa unang tindahan na kanyang pinuntahan ay singkwenta pesos ang halaga ng isang kanin, dalawang ulam. Sa isang tindahan naman ay sisenta pesos ang dalawang kanin, isang ulam at softdrinks. Pinili ni Francel ang huling tindahan. Laking tuwa ni Francel. Hindi siya nagsisi sa napiling pagkain.

A.Hindi na ako mauulit pang kumain dito.
B.Lutong-bahay. Siguro kababayan ni Inay ang nagluto nito.
C.Parang kulang sa asim ang sinigang.
D.Parang minadali ang pagkakasaing.

2.Walang pasok si Algerou. Araw ng Ramadan. Sumama siya kay Michael na mamasyal sa Quiapo para bumili ng pirated CD. Tamang-tama. Nagpapabili rin ang kanyang kapatid ng bagong CD ni Regine Velasquez. Nagtaka siya sa murang halaga ng mga CD. Ngunit kabilin-bilin ng kanyang kapatid na huwag na huwag bibili ng pirated CD. Kinagabihan, nag-

text si Michael kay Algerou. Nasira ang kanyang component sa bahay. Ano ang sasabihin ni Algerou?

A.Mabuti nga sa iyo. Mahilig kang bumili ng pirated CD, eh.
B.Baka talagang sira ang component ninyo.
C.Isoli mo. Gusto mo, samahan kita?
D.Sa susunod, sa iba na lang tayo bumili.

3.Nahuli sa akto ni Mr. Francisco na ninanakaw ng isang bata ang cellphone ng babaing katabi niya sa bus. Dahil may alam siya sa self-defense, inaresto niya ang bata. Iniwasan niyang daanin sa dahas ang pag-aresto. Ipinaalam niya sa bata ang kadahilan ng kanyang pag-aresto. Ano ang sasabihin ng bata?

A.Bakit mo ako hinuli. Pulis ka ba?
B.Wala akong kinukuha. Sa akin ang cellphone na ito.
C.Bakit, me karapatan ka bang mang-aresto?
D.Mabuti't hindi ninyo ako sinaktan. Patawarin n'yo na 'ko.

4.Lalabas na si Genaldo sa rehabilitation center. Tatlong taon din siyang namalagi rito. Ayaw na niyang umuwi sa kanilang bahay. Nangangamba siya na baka hindi na maging maganda ang pakikitungo sa kanya ng mga kasama niya sa bahay. Ang akala niya'y siya lamang mag-isa ang uuwi. Laking gulat niya ng malaman niyang sinusundo na siya ng kanyang magulang at mga kapatid. Ano ang sasabihin ni Genaldo?

A.Sinorpresa ninyo ako. Salamat po. Hindi ko malilimutan ang araw na ito.
B.Bakit ngayon lang kayo dumating?
C.Susunduin ninyo ako pagkatapos ibabalik n'yo uli ako rito?
D.Dito na lang ako. Ayoko nang umuwi.

5.Pinalad na maging beneficiary ang familya Mangao sa mga proyekto ng Rural Improvement Center (RIC) ng Kagawaran ng Pagsasaka pagkatapos silang dumalo sa seminar ng wastong pagbababuyan. Malaking tulong ang ipinagkaloob ng RIC. Ano ang masasabi ng familya Mangao sa benepisyong kanilang natanggap?

A.Magbababoy na tayo noon, magbababoy pa rin tayo ngayon.
B.Wala nang asenso ang buhay natin.
C.Kung iyong iba natutulungan ng gobyerno, tayo pa kaya?
D.Lalo natin pagsumikapang lumago ang ating negosyo.

C. Basahin ang talata sa bawat bilang. Isulat ang lagom nito sa sagutang papel.

1. Mahirap magutom ang tao. Kadalasan, kapag gutom ang isang tao ay natututo siyang kumain ng mga pagkaing hindi pa niya nakakain para lamang magkaroon ng laman ang kanyang sikmura.

Sa Ongpin, China Town sa Binondo ay mabibili ang iba't ibang hayop na maaaring lutuin para iulam sa hapag-kainan. Nariyan ang ahas, cobra, pawikan, at iba pa. Kaya hindi

kataka-taka kung may mabili tayong kare-kareng kriket, tortang anay, sinangag na langgam, kilawing uwang, ginataang salagubang, adobong balang, atb.

Huwag naman sanang dumating ang panahon na dahil sa kagutuman ay kainin ng tao maging ang mga damo, halaman at bulaklak.

2. Si Henaral Francisco Soliman Makabulos ang itinuturing na pangunahing bayani ng Tarlac. Noong panahon ng Kastila ay siya lamang ang tanging nakapagpalaya sa lalawigan sa kamay ng mga mananakop.

Isinilang si Makabulos sa La Paz, Tarlac. Bagamat elementarya lamang ang natapos ay kinilala ang kanyang katalinuhan at katapangan sa pamamagitan ng pagtatatag ng sangay ng Katipunan sa Tarlac. Bilang manunulat ay nakapaglathala si Makabulos ng mga tula sa El Heraldo de la Revolucion, ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong Pilipino. Isinama siya ni Heneral Emilio Aguinaldo nang lagdaan ang Kasunduan sa Biak na Bato.

Namatay si Makabulos noong Abril 30, 1922 sa Tarlac, Tarlac. Pagkaraan ng ilang taon, ang kanyang mga labi ay inilipat sa kanyang monumento na nasa harap ng kapitolyo ng Tarlac.

D. Pag-aralan ang pagbabagong morpoponemikong naganap sa salita sa bawat bilang. Piliin sa kahon ang sagot. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot. Ang diin ng salita ay nasa pantig na may salungguhit.

1. madamot → maramot
2. pangbahay → pambahay
3. buo → buung-buo
4. buhay → kabuhayan
5. taniman → tamnan

| | |
|---|---|
| asimilasyong di-ganap | metatesis |
| pagpapalit ng ponema | pagkaltas ng ponema |
| paglilipat-diin | |

Kung tapos ka na, kunin mo sa guro ang SUSI SA PAGWAWASTO.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 13
Pagpapahayag ng Pakay/Motibo at Palagay
Pagbuod ng mga Impormasyon, Pagbabagong Morpoponemiko

A.
1. A
2. D
3. D
4. D
5. D

B.
1. B
2. C
3. D
4. A
5. D

C.
1. Mahirap magutom ang tao. Kumakain siya para magkaroon ng laman ang kanyang sikmura.

   Sa Ongpin, Chinatown sa Binondo mabibili ang iba't ibang hayop na maaaring lutuin para iulam.

2. Si Heneral Francisco Soliman Makabulos ang itinuturing na bayani ng Tarlac, Tarlac.

   Isinilang si Makabulos sa La Paz, Tarlac. Nakapaglathala siya ng mga tula. Isinama siya ni Heneral Emilio Aguinaldo nang lagdaan ang Kasunduan sa Biak na Bato.

   Namatay si Makabulos sa Tarlac, Tarlac.

D.
1. pagpapalit ng ponema
2. asimilasyong di-ganap
3. pagpapalit ng ponema
4. paglilipat-diin
5. metatesis